

**KASAYSAYAN NG *CYBERSPACE*,
KASAYSAYAN SA *CYBERSPACE*:
PANIMULANG PAGTANAW SA KARANASANG PILIPINO**

MICHAEL CHARLESTON B. CHUA

I. Panimula

Ilang taon pa lamang ang nakalilipas, kapag may takdang aralin o pananaliksik na ukol sa kasaysayan, ang unang pinupuntahan ng mga estudyante ay ang bolyum-bolyum na ensiklopidya sa mga aklatan o tahanan. Sa bagong milenyo, ang unang pupuntahan ng estudyante ay ang harapan ng kompyuter, at maaari na niyang makuha sa isang *click* ang impormasyon na hinahanap sa malawak na pook ng *cyberspace*.

Titingnan ng pag-aaral ang naging pag-unlad ng *internet* sa Pilipinas mula nang magsimula ito noong dekada 1990, hanggang sa paglipana ng mga personal na *blog* at demokratisasyon ng pagbabahagi ng kaalaman dito isang dekada lamang ang makakaraan.

Bibigyang diin sa pamamagitan ng *Kapanahong Kasaysayan*, ang kahalagahan ng *cyberspace* bilang salamin ng kaisipan ng mga mamamayan, lalo na ng mga kabataan, at bilang mayaman na batis ng kasaysayan ng ating panahon.

Ipapakita rin ang *cyberspace* bilang sisidlan ng mga salaysay (*narratives*) ng nakaraan ng mga Pilipino at ang bisa at limitasyon nito sa pag-aaral, pananaliksik, at pagtuturo ng kasaysayan.

Sa panimulang pagtanaw na ito, makikita sa kasaysayan ng *cyberspace* at ng kasaysayan sa *cyberspace* ang katotohanan na ang kasaysayan ay para sa lahat. Gayundin ang katotohanan na ang lahat, kapwa ang mga dalubhasa, may hilig, interes, at

estudyante ng kasaysayan, ay may pagkakataong makibahagi sa pagsusulat at paglikha ng kasaysayan.

Makikita rin na maaaring maiintindihan ang batayang kultural ng *cyberspace* sa Pilipinas kung titingnan ito sa ating sariling konsepto ng Kapwa at Kapatiran, tungo sa tunay na Talastasang Bayan, at pagbubuo ng Sambayanang Pilipino sa loob at labas ng sangkapuluang ito. Gamitin ng lubos ang magagandang dulot nito sa talastasan subalit maingat pa rin sa mga panganib na dala-dala nito.¹

II. *CYBERSPACE* SA KAPANAHONG KASAYSAYAN²

Ayon sa pangulo ng University of the Philippines Lipunang Pangkasaysayan na si Ayshia F. Kunting sa aming pakikipagtalastasan, ang pag-aaral ng kasaysayan ng *cyberspace* at kasaysayan sa *cyberspace* ay kamangha-mangha. Sabi niya, "*It's the thing of the present, don't know how to say it... Ü*" Ngunit kung ang *cyberspace* ay isang penomena ngayon, paano ito magagamit bilang batis ng kasaysayan ng kasalukuyan at mentalidad ng mamamayan sa mga pangyayari ngayon?

Para sa tradisyunal na *historia*, kailangan ng maraming taon na distansya sa mga pangyayari para mas obhektibong matingnan ito. Maaaring emosyonal pa ang magiging salaysay na mabubuo. Subalit, kung iisipin, kailan pa ito maisusulat, kung hindi na maaaring magsalita sa hukay nila ang mga nakilahok at nakaranas ng mga pangyayari? Kapag nabubulok na ang mga batis o magsara na ang mga *internet site*? Nakita kong gintong pagkakataon pa rin na marami sa mga salaysay na ito ay makakalap pa at ang mga nakilahok at nakikilahok sa pagbubuo ng internet at mga diskurso nito ay buhay pa rin at maaari pang magkwento.

Ayon na rin kay Benedetto Croce, "*All history is contemporary history*" (Croce 1937, 2000, p. 8). Ibig sabihin, lahat ng mga salaysay tungkol sa nakaraan, gaano man kalaki ang distansya ng mga pangyayari mula sa nakaraan, ay apektado ng mga pananaw sa panahon ng historyador.

Ginamit sa pag-aaral na ito ang metodolohiya ng Kapanahong Kasaysayan³, na kaiba sa "*Contemporary History*" at "*Investigative Journalism*" ng Kanluranin. Pahapyaw itong binanggit ni Zeus A. Salazar sa kanyang aklat na *Pangulong Erap: Biograpiyang Sosyopulitikal at Pangkalinangan ni Joseph Ejercito Estrada* (Z. Salazar 2005, v).

Ang Kapanahong Kasaysayan ay kaiba sa *Contemporary History* sapagkat ang huli ay mula sa pangangailangan ng pagsasapanahon ng Kasaysayan ng Europa. Ang salitang *Contemporary* ay nagmula sa salitang Latin na *com tempore* o *com temporis*, na ang ibig sabihin ay "nabibilang sa parehong panahon, nabubuhay o nangyayari sa parehong panahon, o nasa parehong edad" (Mayer). Ayon kay Dr. Salazar, isang Pilipinong iskolar na nag-aral at nagturo sa Unibersidad ng Paris I sa Sorbonne, nagkaroon ng *Contemporary History* sa Kasaysayan sapagkat humaba na nang humaba ang *modern history* (*Renaissance, Enlightenment*, at ang rebolusyong Pranses) na sumunod sa *medieval* o *dark Ages*. Iba-iba ang sinasabi ng iba't ibang historyador kung kailan nagsimula ang *contemporary history*. May nagsasabi na ito ay nagsimula sa pagtatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig (1918). Ayon kay Geoffrey Barraclough sa "*The Nature of Contemporary History*," ito ay nagsimula noong magretiro si Otto Von Bismarck bilang unang *Chancellor* ng nagkakaisang Alemanya noong 1890 (Barraclough, 1967, p. 10, 15). Sa anumang kaso, hindi ito maaaring iangkop sa kasaysayan ng Pilipinas, bagama't sa maraming iskolar sa Pilipinas, ginagawa nila itong pantukoy sa ating panahon mula nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Pilipinas noong 1945.

Ang kapanahong kasaysayan ay kaiba sa *investigative journalism* sapagkat ang huli, bagama't nagsasaliksik ukol sa kasalukuyang mga pangyayari at isyu, hindi nito inilalagay ang kanilang paksa sa mas malawak na daloy ng kasaysayan at kapaligiran ng bansa. Iba ang saysay nito sa kasaysayan sapagkat ang mga napapaksa lamang sa *investigative journalism* ay yaong mga isyung maiinit o interesante sa pangkasalukuyang panahon, nararapat pa nga na ito'y *human interest story*, o mas mainam kung eksplosibo na tila isang *exposé*, upang makabenta